



HELP (TULONG) para sa mga bumibili ng bahay

PAANO ito nakakatulong

Ang pagbili ng bahay sa ganitong merkado ay mahirap at ang pag-iipon para sa down payment ay isang malaking balakid. Ang HELP (TULONG) ay idinisenyo upang magkaloob ng tulong para sa down payment ng hanggang 10% ng halaga ng pagbili ng bahay na hanggang \$800,000. Kaya't kung pinag-iisipan mong bumili ng bahay sa Bay Area at nahihirapang magbigay ng down payment, maaaring nararapat ang HELP para sa iyo!

ANO ang kailangan mong malaman

Ang loan ng HELP ay isang tatlumpung taong deferred loan, dagdag ang share ng pagtaas ng halaga ng bahay na tumutugma sa hihiramin mo – kaya kung hihiram ka ng 10% ng halaga ng iyong magiging bagay, ang share ng Housing Trust sa pagtaas ng halaga ng bahay ay 10% lamang at ang natitira sa equity ng iyong bahay na lumalago ay sa iyo! Dahil ang loan ay isang shared na loan sa pagtaas ng halaga, walang kinakailangang buwanang bayad sa anumang uri. Ipinagpapaliban ang pagbabayad hanggang sa umabot sa petsa ng maturity, iyong pagpapasyang ibenta ang bahay, o ni-refinance mo ang iyong mortgage.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.housingtrustsv.org/help

Makipag-ugnay sa amin:
408-703-3837 ext. 230
homebuyer@housingtrustsv.org

Adria Quinoñes-Masur
NMLS# 863850

Hong Ngo
NMLS# 1271738



HAKBANG 1

Panayam

Kumpletuhin ang intake form (porma para sa panayam) at isumite ito sa staff ng Housing Trust para sa paunang screening

HAKBANG 2

Humanap ng Lender

Makipag-ugnay sa isang inaprubahang lender (nagpapautang) para sa pre-approval. Nakikipagtulungan ang Housing Trust sa lahat ng inaprubahang lender

HAKBANG 3

Aplikasyon

Sa pamamagitan ng pre-approval ng lender, kumpletuhin ang Program Eligibility Application (Aplikasyon para sa Pagiging Karapat-dapat sa Programa) at makipag-ugnay sa staff para sa appointment

Maaari KANG Maging Kuwalipikado sa HELP Kung...

- ▶ Ikaw ay bibili ng bahay sa unang pagkakataon na bibili ng pangunahing tirahan sa County ng Santa Clara o sa mga lungsod ng Menlo Park o East Palo Alto
- ▶ Mayroon kang pre-approval mula sa isang inaprubahang lender (ginawa bago ang pagsumite ng aplikasyon) at ang kita ng iyong sambahayan ay nasa loob ng mga itinalagang limit
- ▶ Nakumpleto mo ang 8 oras na klaseng Homebuyer Education (Edukasyon para sa Bumibili ng Bahay) na sertipikado ng HUD sa pamamagitan ng itinalagang ahensya

Pinakamalaking Kabuuang Kita ayon sa Laki ng Sambahayan (2019)

Laki ng Sambahayan	1	2	3	4	5	6	7	8
Limit ng Kita	\$128,800	\$147,140	\$165,550	\$183,960	\$198,660	\$213,360	\$228,130	\$242,830



Pinangungunahan ng Housing Trust ang pagsusumikap na lumikha ng isang malakas na merkado para sa abot-kayang pabahay sa greater Bay Area.

